DepEd Advisory No. 231, s. 2016
August 25, 2016
In compliance with DepEd Order No. 8, 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA WIKA AT SAWIKAAN 2016: PAGPILI NG SALITA NG TAON NG FILIPINAS INSTITUTE OF TRANSLATION INC. AT KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Ang *Filipinas Institute of Translation Inc.* (FIT) at ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), sa pakikipagtulungan ng *National Commission for Culture and the Arts* (NCCA) at ng Unibersidad ng Pilipinas–Kolehiyo ng Edukasyon (UPCED), ay magtataguyod ng proyektong *Pambansang Kumperensiya sa Wika at Sawikaan 2016: Pagpili ng Salita ng Taon* na may temang *Wikang Filipino Bilang Wikang Siyentipiko* na gaganapin mula ika-5 hanggang ika-7 ng Oktubre 2016 sa *Benitez Theater*, Kolehiyo ng Edukasyon, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Quezon City.

Ang layunin ng Kumperensiya ay:

1. mapalawak ang kaalaman hinggil sa ilang paraan ng pagpapayaman sa wikang Filipino, gaya ng paglikha at neolohismo, at panghihiram sa ibang wika;
2. makapagpanukala ng mga bagong salita na umiiral ngayon sa korpus ng wikang Filipino at/o ng mga bagong pakahulugan sa dati nang salita na nasa diksiyonaryo sa pamamagitan ng patimpalak na Sawikaan; at
3. makapagmungkahi ng makabago at inter-aktibong paraan ng pagtuturo ng wika sa klase sa pamamagitan ng pakitang-turo (*demo teaching*).

Ang mga guro sa iba't-ibang pampubliko at pampribadong paaralan sa elementarya at sekundarya ay inaanyayahang lumahok sa gawaing ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kay:

Bb. Eilene Narvaez
Filipinas Institute of Translation Inc. (FIT)
AB5-402 Hardin ng Rosas, Purok Aguinaldo
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod ng Quezon
Telepono: (02) 547-1860
Mobile Phone: 0925-710-2481
Email: fitsawikaan2012@gmail.com
filipinas.translation@gmail.com
Website: www.fit.org.ph
Facebook: www.facebook.com/Filipinas-Institute-of-Translation

Lem: DA_2016 KWF Pambansang Kumperensya sa Wika
0590-August 23, 2016